



# Karahasan sa Tahanan at Pamilya sa mga Komunidad ng LGBTIQ

Sa Australya, ang karahasan sa tahanan at pamilya ay hindi katanggap-tanggap.

Ang mga taong natukoy bilang Lesbian, Gay, Bisexual, Transgender, Intersex at Queer (LGBTIQ) ay may mga pantay-pantay na karapatan sa Australya, at lahat ng uri ng diskriminasyon ay labag sa batas.

Sa Australya, lahat ng uri ng pakikipag-relasyon ay pantay-pantay sa ilalim ng batas. Ito ay nangangahulugan na lahat ng mga magka-partner, kabilang ang mga magka-partner na iisa ang kasarian, ay may karapatang pumasok sa isang relasyon o magpakasal.

Lahat ay may karapatang makaranas ng positibo at ligtas na pakikipag-relasyon sa kanilang pamilya, mga kaibigan at mga mahal sa buhay.

Ang karahasan sa tahanan at pamilya ay mga krimeng labag sa batas. Ang taong nagsasagawa ng ganitong mga krimen ay maaaring mabilanggo, lalaki man siya o babae.

Kung ikaw o isang kakilala mo ay nasa panganib, tawagan ang pulisya sa **000**.

Ang pulisya sa Australya ay ligtas at mapagkakatiwalaan.

Para sa libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon, tawagan ang 1800RESPECT sa

**1800 737 732**.

Kung kailangan mo ng libheng interpreter, tumawag sa **131 450**.

## Hindi kinukunsinte ng Australian Government sa anumang pagkakataon ang karahasan sa tahanan at pamilya.

Kabilang sa karahasan sa tahanan at pamilya ang pag-aasal o mga pagbabanta na naglalayong supilin ang kapartner o kaniyang pamilya sa pamamagitan ng pananakot o pagbabanta sa kanilang kaligtasan. Maaaring kabilang sa karahasan sa tahanan at pamilya ang:

- pananakit;
- pananakal;
- pagkait na kinakailangang pera sa kapartner o pamilya;
- paglayo ng kapartner sa kanyang mga kaibigan at pamilya;
- panlalait o pamimintas sa kapartner; o
- pagbabanta sa mga bata o mga alagang-hayop.

Maaari ding kabilang sa karahasan sa tahanan at pamilya sa mga relasyon ng LGBTIQ ang:

- pagbabantang gagamitin ang intersex na katayuan ng kapartner, seksuwalidad, kasarian, pagpapahayag ng kasarian, transgender o kalagayan ng HIV laban sa kanila;
- pagbabanta na 'isiwalat ang katayuan' ng kapartner sa kaniyang pamilya, mga kaibigan, komunidad o pinagtatrabahuhan;

- pagkontrol sa mga gamot ng kapartner o pag-access niya sa pangangalagang pangkalusugan na may kinalaman sa pag-transisyon ng kasarian; o
- pamimilit sa kapartner na sumunod sa mga nakaugalian sa seks o kasarian.

## May mga pangsuportang serbisyo sa Australya na makakatulong.

Ang ACON ay nagbibigay ng libreng impormasyon tungkol sa mga isyu sa kalusugan na nakakaapekto sa mga LGBTIQ, kabilang ang karahasan sa tahanan at pamilya. Pumunta sa **website ng ACON** sa **www.acon.org.au** para sa direktoryo ng inklusibong mga serbisyo ng suporta para sa LGBTIQ.

Ang **1800RESPECT** ay pambansang serbisyo sa pagpapayo sa sekswal na pag-atake, karahasan sa tahanan at pamilya sa Australya (Australia's national sexual assault, family and domestic violence counselling service). Nagbibigay ito ng libre, kumpidensyal na pagpapayo at impormasyon sa telepono at sa online. Pakikinggan ka ng mga tagapayo, sasagutin ang mga katanungan mo at maaaring isangguni ka sa iba pang mga serbisyong suporta sa inyong lugar.

Tumawag sa **1800 737 732** o pumunta sa partikular na seksyon ng impormasyon ng LGBTIQ sa **website ng 1800RESPECT** sa **www.1800RESPECT.org.au**.

## Kailangan mo ba ng interpreter?

Tawagan ang **Translating and Interpreting Service (Serbisyo sa Pagsasalin at Pag-iinterpretar)** (TIS) sa **131 450**. Ang interpreter mula sa TIS ay tutulong sa iyong makipag-usap sa iba pang mga serbisyo, subalit ang TIS ay hindi nagbibigay ng pagpapayo. Lahat ng tawag ay walang bayad at kumpidensyal.